

KULO AT KOLORUM (89) LÁWIG, LAWÍG

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO·FRIDAY, JULY 1, 2016

ni Virgilio S. Almario

MARAMI SA dumalo nitóng 19 Mayo 2016 sa pagbubukás ng Lawig, eksibit ng dalawang kabataang artist mulang Negros, ang nag-akala na ukol ito sa Tagalog na “láwig.” Wala kasing tuldik ang pamagat ng eksibit at inisip ng mga dumalo na nauukol ito sa pagpapahabà o pagpapalawak ng saklaw ng sining. Gaya na rin ng posibleng “pagpapaláwig” ng bisà ng sining ng dalawang taga-Negros hanggang sa Kamaynilaan.

Bukod pa, talagang isang ordinaryong paraan ng paghulà sa bigkas ng isang salitâ na kapag hindi tiyak ang kahulugan at walang tuldik ay bigkasin ito sa paraang malumay.

Kailangan tuloy magpaliwanag ang mga artist na salitâng Hiligaynon ang kanilang pamagat at may bigkas itong mabilis: “Lawíg.” Sa Hiligaynon, ang “lawíg” ay púsod o umbilical cord. Ibig ipatuklas ng dalawang artist ang kaniláng sariling pagkamulat hinggil sa kanilang pinagmulang pook, gayundin ang kaniláng pagsasaproblema sa historikong relasyon ng Negrense at Ilonggo.

Sa unang aspekto, nais niláng itanghal ang malulungkot na realidad sa lipunang Negrense, lalo na ang paghihirap ng marami at kasaganaan ng iilan. Sa ikalawang aspekto, nais niláng ipadamá ang kirot ng waring pagbubukod ng mga Negrense at mga Ilonggo laban sa isa’t isa samantalang iisa ang kanilang púsod o pinagmulan.

Isa sa dalawang artist ay Ilonggo ngunit nagtira sa Bacolod. Isa ang lumaki sa Bacolod ngunit nag-aral sa UP Iloilo. Kapuwa nilá dinanas ang hirap makisáma sa napuntahang pook. Bakit? Dahil hindi maganda ang turing ng mga Ilonggo sa Negrense at

hindi rin maganda ang turing ng mga Negrense sa Ilonggo. Isang malaking misteryo ito lalo na kapag nakinig sa kasaysayan ni Dr. Cecilia Nava na nagsasabing nagmula sa Iloilo ang karamihan sa mga unang mayaman at mga unang magsasaká na nandayuhan sa Negros. Kayâ iisa din ang kaniláng wika; ngunit kung bakit magkahiwalay, wika nga, ang kanilang puso.

Bilang pag-uulit, nais kong ipagpauna na ang lahat ng mababása ninyo dito ay sarili kong opinyon at hindi sa KWF, maliban kung isaad ko. Nakabukás din ako sa anumang nais itanong bukod sa nais ipanukala ng mambabasá. Nais kong makipag-usap sa mga alagad ng wika.